OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 9-19-23 Time: 3:30

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-136

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 01, S-2023 NG BARANGAY BONGA MAYOR, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG ANIM NA DAAN LIMAMPU'T PITONG LIBO, PITONG DAAN SIYAMNAPUNG PISO AT WALUMPUNG SENTIMO (₱657,790.80)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay Bonga Mayor, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng ₱657,790.80;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Bonga Mayor at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kautusan ng Barangay Bonga Mayor ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na pagtibayin ang Kautusan Blg. 01, S-2023 ng Barangay Bonga Mayor, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget*) para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Anim na Daan Limampu't Pitong Libo, Pitong Daan Siyamnapung Piso at Walumpung Sentimo (₱657,790.80).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim